www.kidworship.kr

# Ang Nawawalang Tupa

– 9th Story–



56Page

**N A R** Maraming tao ang gustong-gustong makinig sa mga kwento ni Jesus kaya sumusunod sila kahit saan Sya pumunta. Pero meron ding mga taong ayaw kay Jesus.

**Person 1** Kakaiba si Jesus!

**Person 2** Oo nga, nakikipagusap sya t kumakain kasama ang mga makasalanan --- hindi tama yun!

**N A R** At sinabi sa kanila ni Jesus ang kwentong ito!



57Page

**N A R** Matagal na panahon na ang nakalilipas, may isang pastol na may isangdaang tupa. Mahal na mahal ng pastol na ito ang kanyang mga tupa at inaalagaan nyang mabuti ang mga ito. Nang oras nang umuwi, binilang ng pastol ang kanyang mga tupa,

**Shepherd** Ok, tingnan natin---isa, dalawa, tatlo....dalawampu, tatlumpu, apat-napu....siyamnapu't pito, siyamnapu't walo, siyamnapu't siyam...Ha? Teka, bilangin ko nga ulit...isa, dalawa, tatlo....siyamnapu't pito, siyam-napu't walo, siyamnapu't siyam.....nawawala ang isang tupa!

**N A R** Kahit ilang beses nyang bilangin, siyamnapu't siyam lang ang bilang ng mga tupa.

**Shepherd** Hmmm...Nasaan ang pang-isandaan?

**N A R** Lubhang nag-alala ang pastol sa nawawalang tupa. Sa sobrang pag-aalala nya ay hinanap nya ito sa lahat ng lugar.



58Page

**N A R** Lumalalim na ang gabi. Ang pastol ay hindi pa rin sumusuko at patuloy pa rin sa paghahanap sa nawawalang tupa. Mayamaya ay may narinig siyang tunog.

**Lost Sheep** Baa, Baa~~~

**N A R** Tumakbo siya sa pinanggagalingan ng tunog! Ang nawawalang tupa ay nakasabit sa gilid ng bangin. Ang kawawang tupa ay basang basa at nanginginig sa takot.

**Shepherd** Nandyan ka pala! Oh, siguro takot na takot ka. Wag ka nang matakot, nandito na ako at ililigtas kita. Hi-ho--Hi-ho!!

**N A R** Iniligtas ng pastol ang tupa. Masaya niya itong pinasan sa balikat at umuwi.



59Page

**N A R** Pag-uwi ng pastol, masaya niyang tinawag ang kanyang asawa't mga anak.



60Page

N A R Sinabi ni Jesus sa mga tao.

Jesus Kung nawala ang isa sa mga alaga mong tupa at pagkatapos ang nah–anap mo itong muli, hindi ka ba magsasaya? “Ganoon din sa langit, ma–sayang–masaya sila roon dahil sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa 99 na matuwid na hindi nangangailangang magsisi.” HIndi kalooban ng Diyos na mawala ang sinuman.

N A R May isa pang ikinwento si Jesus tungkol sa pastol at sa kanyang mga al–agang tupa.

Jesus Kilala ng mabuting pastol ang kanyang mga tupa at sumusunod naman ang mga ito dahil kilala nila ang boses niya. Kapag ang mga tupa ay nagtakbuhan dahil nakita sila ng mabangis na hayop, ang mabuting pastol ay hindi tumatakas kundi lumalaban sa mabangis na hayop na nais manakit sa kanyang mga tupa. Laging iniingatan ng mabuting pastol ang kanyang mga tupa.

N A R Sinabi ni Jesus na ibibigay Nya ang sarili Nyang buhay upang pag–inga–tan at panatilihing ligtas ang Kanyang mga tupa.